# MALAYO NA ANG NARARATING NGUNIT MALAYO PA ANG TUTUNGUHIN: WIKANG FILIPINO BILANG WIKA NG KARUNUNGAN

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Madami pa ang dapat gawin. Hindi nauubos ang suliranin habang nabubuhay ang tao. Gayundin ang wika, dahil ito rin ay buhay patuloy itong babata ng mga suliranin. Habang patuloy itong umuunlad ay patuloy rin itong maghahanap ng sagot sa maraming katanungan.

Ang wikang Filipino ay wala pa sa rurok ng kaunlaran, ito ay nasa proseso pa lang ng pag-unlad. Mayroong malaking pangangailangan na dapat mapunan sa pamamagitan ng masistematiko at malalimang pag-aaral upang ito ay malinang. Dito papasok ang pangangailangan sa lalong pagpapaigting ng pananaliksik sa wikang Filipino. Isa sa mga paraan upang malutas ang suliranin ay ang pagsasagawa ng maunlad na pag-aaral at paggamit nito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sinabi ni Almario (2014) na upang ito ay malinang ay kailangang hikayatin ang mga iskolar at dalubhasa na gamitin ang Filipino bilang wika ng saliksik. Kailangang puspusang gamitin ito sa talakayang akademiko at larang ng edukasyon. Sa madaling salita, dapat na gamitin ang wikang Filipino bilang "wika ng karunungan." Aniya, kaugnay ng pagpapalaganap ng wika sa larang-akademiko ay kailangang umigpaw mula sa Patakarang Bilangwal. Ibig sabihin, makabuluhang gagamiting ang wikang Filipino sa lahat ng antas at disiplina mula elementarya hanggang kolehiyo.

Ang intektwalisasyon ng wikang Filipino ay ang paggamit nito hindi lamang wika ng komunikasyon sa tahanan at lansangan kundi ang matalinong paggamit nito sa larang

ng edukasyon. Kailangang mabisang magamit ito hindi lamang sa pag-aaral ng gramatika o panitikan kundi hanggang sa sopistikadong karunungan ng agham at teknolohiya, at nakasasabay sa pag-unlad ng kabihasnan. Isa itong mahusay at malaking hakbang tungo sa ikauunlad ng wikang pambansa. Malaking hamon nga lang ito sa tagapagturo, tagapagtaguyod at lalo sa mag-aaral o indibidwal na gagamit nito dahil anuman ang pagtatangkang gawin ngunit hindi naman ito tanggapin ng lipunang gumagamit ng wika ay hindi ito maisasakatuparan. Halimbawa, ang National Science and Development Board o NSDB ay nagtangka noong 1960-1964 na bumuo ng nasa 7,500 na termino bilang katumbas ng mga salita sa agham at teknolohiya. Dakila ang hangarin ngunit mababanaag na ito ay 'di lubusang tinanggap ng lipunan bilang wika ng komunikasyon.

Ayon sa Artikulo XIV seksiyon 6 ng 1987 Konstitusyon: "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika." Itinatadahan rin ng batas na ang wikang Filipino ay paunlarin, makakamit ito sa pamamagitan ng puspusang pagtataguyod ng mga guro, iskolar at mga dalubhasa. Ngunit ito ay 'di sasapat. Kailangan ang bawat isa upang ito ay makamit. Tungkulin ito ng lahat na ito ay lalo pang pagyamanin at pagyabungin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

Almario, V. (2014). Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino

http://santiagz.blogspot.com/2016/09/v-behaviorurldefaultvmlo.html